Washington State DEPARTMENT OF SOCIAL & HEALTH SERVICES

WORKING CONNECTIONS CHILD CARE (WCCC)

WCCC AWARD/CHANGE LETTER / WCCC NA SULAT UKOL SA GANTIMPALA/PAGBABAGO

OPISINANG LOKAL	NUMERO NG TELEPONO
NUMERO NG KASO	PETSA

FOLD

Karapat-dapat kang tumanggap para sa mga benepisyong pangangalaga sa bata na tinutustusan ng pamahalaan na may buwanang bahaging iyong babayaran (copayment) umpisa sa _____ hanggang sa _____.

Pakibasa ang mahalagang impormasyon sa Pahina 2.

Inaaprobahan ang pangangalaga sa bata para sa sumusunod: ☐ Trabaho ☐ Naaprobahang WorkFirst na gawain ☐ Eskuwela ☐ Iba: _____.

Ang pagsisimula na buwanang bahagi na iyong babayaran (copayment) ay magiging $15.00 para sa panahon na _____ hanggang sa _____. Ang iyong buwanang bahagi na iyong babayaran (copayment) ay ☐ magiging ☐ magbabago at magiging $ _____ umpisa sa _____ at magtatapos sa _____.

Ang copayment ay ang iyong bahagi sa iyong gastos sa pangangalaga ng bata at dapat na deretsong bayaran sa iyong tagabigay ng serbisyo. Ang iyong copayment ay batay sa laki ng iyong sambahayan at iyong buwanang kita gaya ng sumusunod:

1. Ang laki ng pamilya ay _____
2. Ang kabuuang kinitang suweldo ay (bago ang mga buwis) $ _____
3. Ang sariling-hanapbuhay na kita (pagkatapos ng pinapayagang mga kabawasan) ay $ _____
4. Hindi kinitang kita na ang kabuuan (SSI, SSA, natanggap na sustento ng bata, mga pagbabayad na kabuuang halaga [lump sum]) ay $ _____
5. KABUUANG KITA (pagsamahin ang mga linyang 2 – 4 sa itaas) $ _____
6. Sustento sa bata na iyong binabayaran ay $ _____
7. Alamin ang <u>mabibilang</u> na kita (ibawas ang linyang 6 mula sa linyang 5) (Ang mabibilang na kita ay ginagamit upang mapagpasiyahan ang pagiging karapat-dapat na tumanggap at ang copayment) $ _____
8. Ang copayment ay kinukuwenta gaya ng sumusunod:

MABIBILANG NA KITA	BUWANANG COPAYMENT
Sa o mababa sa 82% ng Federal Poverty Level (FPL)	$15
Mataas sa 82% at hanggang sa 137.5% ng FPL	$50
Lampas sa 137.5 at hanggang sa 200% ng FPL (Mabibilang na kita – 137.5% FPL) X .44 + $50	

Ang iyong copayment ay nagbabago sapagkat (batay sa WAC 388-290-0085);

☐ Ang panahon ng pagkabigay-kapangyarihan sa iyo ay nagtapos.

☐ Bumaba ang iyong kita.

☐ Nagbago ang laki ng iyong pamilya.

☐ Iba (ipaliwanag): _____

_____
PANGALAN NG MANGGAGAWA

_____
NUMERO NG TELEPONO/FAX NG MANGGAGAWA

WCCC Mga Karapatan at Mga Pananagutan

Pananagutan mo ang:

- Magbigay sa amin ng impormasyon upang aming mapagpasiyahan ang iyong paggiging karapat-dapat na tumanggap at pagbibigay-kapangyarihan sa mga pagbabayad ng pangangalaga sa bata nang wasto;
- Pumili ng tagabigay ng serbisyo na nagagampanan ang mga pangangailangan ng WAC 388-290-0125 at gumawa ng iyong sariling mga kaayusan sa pangangalaga sa bata;
- Magbayad o gumawa ng mga kaayusan na magkaroon ng tao na magbayad, ng iyong WCCC buwanang copayment na deretso sa iyong tagabigay ng pangangalaga sa bata. Ang hindi paggawa nito ay maaring makaresulta sa tinutustusan ng gobyernong pangangalaga sa bata na tapusin;
- Iwanan ang iyong mga anak sa iyong tagabigay ng serbisyo para sa naaprobahang mga gawain o mag-ayos ng sariling pagbabayad sa tagabigay ng serbisyo, alinsunod sa pangangailangan ng tagabigay ng serbisyo, para sa pangangalagang nasa hindi naaprobahang mga gawain ka.
- Magtago ng mga rekord ng pagkapasok na maglingkod ukol sa pangangalaga kapag pipili ka ng nasa-bahay/kamag-anak na pangangalaga sa bata. Ang mga rekord ay dapat na:
  - Ibigay kung hihilingin; at
  - Itatago ng isang taon pagkatapos na ang pangangalaga ay naibigay.
- Bayaran ang iyong nasa-bahay/kamag-anak na tagabigay ng serbisyo sa pangangalaga ng bata ng buong halaga na pinadadala namin sa iyo para sa nasa-bahay/kamag-anak na pangangalaga na nakalista sa tatanggapin mong dokumento ukol sa ipinadalang kabayaran na kasama ng tseke.
- Kumuha ng resibo para sa ano mang salapi na iyong babayaran sa iyong tagabigay ng serbisyo. Dapat mong itago ang mga resibo ng isang taon para sa kahilingan ng DSHS na pagrepaso;
- Makipagtulungan sa pagsasagawang repaso sa katiyakan ng pagiging kahusayan upang manatiling karapat-dapat para sa WCCC. Magiging hindi ka karapat-dapat para sa mga benepisyong WCCC batay sa pagpapasiyang hindi pakikipagtulungan sa katiyakan ng pagiging kahusayan at mananatiling hindi ka karapat-dapat hanggang sa magampanan mo ang mga pangangailangan ng ukol sa katiyakan ng pagiging kahusayan o tatlumpung araw mula sa pagkapasiyang hindi pakikipagtulungan.
- Makipagtulungan sa fraud early detection (FRED) na imbestigador. Kung tatanggi kang makipagtulungan (magbigay ng impormasyon na hinihiling) sa imbestigador, maaring maapektahan ang iyong mga benepisyo.
- Pagbigyan-alaman ang nabigyang-kapangyarihan na WCCC na manggagawa, sa loob ng limang araw, ng ano mang pagbabago ng mga tagabigay ng serbisyo;
- Pagbigyan-alaman ang iyong tagabigay ng serbisyo sa loob ng 10 araw kapag aming babaguhin ang iyong pagkabigay-kapangyarihan sa pangangalaga ng bata.
- **Magreport sa iyong nabigyang-kapangyarihang manggagawa ng pangangalaga sa bata, sa loob ng 24 na oras, ano mang nakabitin na mga demanda o impormasyon sa pagkakapagpatunay na nagkasala na iyong nabatid tungkol sa iyong nasa-bahay/kamag-anak na tagabigay ng serbisyo.**
- **Magreport sa iyong nabigyang-kapangyarihang manggagawa ng pangangalaga sa bata, sa loob ng 24 na oras, ano mang nakabitin na mga demanda o impormasyon sa pagkakapagpatunay na nagkasala na iyong nabatid tungkol sa sino mang labing-anim na taon ang gulang at mas matanda pa na nakatira sa tagabigay ng serbisyo kapag ang pangangalaga ay mangyayari sa labas ng tahanan ng bata.**
- Magreport ng mga pagbabago sa nabigyang-kapangyarihan na WCCC na manggagawa sa loob ng 10 araw ng:
  - Bilang ng mga kinakailangang mga oras na pangangalaga sa bata (mas marami o mas kaunting mga oras);
  - Kita ng sambahayan na kasama ang ano mang kaloob na TANF o pagtataas o pagbababa ng sustento sa bata;
  - Laki ng iyong sambahayan gaya ng sino mang miyembro ng pamilya, kasama ang magulang o asawa, na lilipat sa o aalis sa tahanan;
  - Trabaho, eskuwela o naaprobahang gawaing TANF (pag-umpisa, paghinto, o pagbabago);
  - Adres at numero ng telepono ng iyong nasa-bahay/kamag-anak na tagabigay ng serbisyo;
  - Adres ng iyong tahanan o numero ng telepono; o
  - Iyong obligasyong ayon sa batas sa pagbayad ng sustento sa bata.
- **Ang hindi pagkareport agad sa mga pagbabago ay maaring makaresulta sa sobrang pagbabayad o maaring kailangan mong magbayad ng mas marami pa kaysa sa normal na parte mo sa mga gastos sa pangangalaga sa bata.**
- Kaagad na isauli ang lahat ng mga hiniling na impormasyon para sa iyong tagabigay ng serbisyo. Ang iyong nasa-bahay/kamag-anak na tagabigay ng serbisyo na bago pa sa petsa na ang mga resulta sa pagsiyasat ng karanasan ay natanggap ay hindi bibigyan ng kabayaran para sa pangangalaga.
- Huwag mong iiwanan ang iyong mga anak para sa pangangalaga sa mga dahilang iba kaysa sa diyang nakalista sa harap ng pormularyong ito, maliban kung gumawa ka ng mga kaayusan sa iyong tagabigay ng serbisyo na magbayad nang sarili para sa mga pangangalaga. Kung gusto mong makilahok sa gawaing iba kaysa sa binigyang-kapangyarihan sa harap ng pormularyong ito, at nais ang DSHS na magbayad para sa pangangalaga sa iyo sa bata, dapat kang makipag-ugnayan muna sa iyong nabigyang-kapangyarihang manggagawa sa pangangalaga sa bata.

WCCC Mga Karapatan at Mga Pananagutan

Mangyari lang pong unawain na:

- Tatratuhin ka nang magalang at nang walang kinikilingan anuman ang iyong lahi, kulay, mga paniwalang politika, bansang pinagmulan, relihiyon, gulang, kasarian, pagkakasakit/pagkabaldado o lugar ng kapanganakan;
- Mayroon sa iyong magiging kapasiyahan sa pagiging karapat-dapat na WCCC sa loob ng tatlumpong araw mula sa petsa ng iyong aplikasyon;
- Pagbibigyang-alaman ka, sa pagsulat, ng iyong mga ayon sa batas na mga karapatan at mga pananagutan na may kaugnayan sa mga benepisyong WCCC;
- Ang iyong impormasyon ay ipapamahagi sa ibang mga ahensiya kapag kinakailangan ng mga patakarang pederal o estado;
- Tatanggap ka ng naisulat na notisya na hindi kukulang sa sampung araw bago ang DSHS ay gagawa ng mga pagbabago upang ibaba o ihinto ang mga benepisyo maliban sa isinaad sa WAC 388-290-0120;
- Maari kang humiling ng paglilitis kung hindi ka sang-ayon sa DSHS tungkol sa pasiya.
- Maari kang humiling sa superbisor o administrador na repasuhin ang pasiya o aksiyong inaapektahan ang iyong mga benepisyo na hindi nito aapektahan ang karapatan sa isang paglilitis.
- Maari kang magkaroon ng serbisyong interpreter o tagasaling-wika sa loob ng makatwirang haba ng panahon at na walang gastos ito sa iyo;
- Maari mong piliin ang tagabigay ng serbisyo hanggat sa ang tagabigay ng serbisyo ay ginagampanan ang mga pangangailangan sa WAC 388-290-0125.
- Maari mong hilingin ang fraud early detection (FRED) na imbestigador mula sa division of fraud investigations (DFI) na bumalik sa ibang panahon. Hindi mo na kailangang papasukin ang imbestigador sa inyong tahanan. Ang kahilingan na ito ay hindi aapektuhan ang iyong pagkamaaring tumanggap para sa mga benepisyo. Kung tatanggi kang makipagtulungan (magbigay ng impormasyon na hinihiling) sa imbestigador, maaapektuhan nito ang iyong mga benepisyo.

Mga Karapatan sa Paglilitis: Mayroon kang karapatan para sa isang paglilitis. Sa paghiling ng paglilitis, makipag-ugnayan sa opisina na ito o sumulat sa Office of Administrative Hearings, PO Box 42489, Olympia, WA 98504-2465. Dapat kang humiling para sa iyong paglilitis sa loob ng 90 araw ng sa petsang pagkatanggap mo sa pasiyang ito. Sa paglilitis, mayroon kang karapatan na irepresenta ang iyong sarili, irepresenta ng isang abogado o sino mang iba pang tao na pipiliin mo. Maari kang makakuha ng libreng payo ukol sa batas o pagrepresenta sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisina ng mga serbisyong ukol sa batas. Maaring karapat-dapat kang tumanggap ng patuloy na mga benepisyo samantalang hinihintay ang resulta ng paglilitis kung hinihiling mo ang paglilitis sa o bago ng epektibong petsa ng aksiyon o hindi mas marami sa 10 araw pagkatapos na ang departamento ay nagpadala ng notisya ng aksiyon sa iyo.

PAGGAMOT PARA SA IYONG MGA ANAK

Alam mo ba na makakakuha ka ng pagsakop sa paggamot at ukol sa ngipin para sa iyong mga anak? Walang listahan sa paghihintay at madali ito gaya sa **1 - 2 - 3**!

1. Tumatanggap ka ba ng ano mang iba pang uri ng tulong sa pamamagitan ng estado, gaya ng mga selyong pangkain o tulong na kuwaltang kas?
   - **OO**: Tawagan ang manggagawang pananalapi na namamahala sa iyong kaso at humiling ng pagsakop sa paggamot para sa iyong (mga)anak.
   - **HINDI**: Tawagan ang libre na numero ng telepono na tatawagan para sa Children's Medical assistance sa 1-800-204-6429.
2. Magbigay sa manggagawa ng kinakailangan nilang impormasyon upang magbigay-alam kung ikaw ay karapat-dapat na tumanggap. Maaring mayroon na sila nito o maaring kunin nila ito sa pamamagitan ng telepono.
3. Tanggapin ang tarhetang paggamot sa koreo.

Huwag maghintay – ang pagsakop sa paggamot para sa iyong anak ay napakamalapit sa pamamagitan lamang ng pagtawag sa telepono!